# Pulang Lupa

Sinulat nina:
**Josie T. Legaspi**
**Josie A. Rapiz**
Ginuhit ni: **Ana Mae D. Magpusao**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

Sa isang bayan ng Aklan, may mag-asawang namumuhay ng payapa at masaya sa kabila ng kahirapan. Araw-araw na pumupunta sa bukid sina Bayang at Kaang para alagaan ang pananim hanggang sa umani. Habang palalim nang palalim ang pagpapála ng mag-asawa, natuklasan nila ang malagkit at kulay pulang putik sa bukid.

Dumating ang panahon ng tagtuyot at nabiyak ang mga lupa sa sobrang init. Hindi na maararo ni Bayang at Kaang ang tumana kaya hindi na rin sila makapagtanim ng palay. Magugutom ang kanilang pamilya.



"Paano na tayo Bayang?" sabi ni Kaang.

"Pagyamanin natin ang pulang lupa," tugon ni Kaang.



Isang gabi, habang nag-uusap ang mag-asawa, bigla na lang nilang naalala ang kakaibang katangian ng lupa sa kanilang bukid.

"Ang pulang lupa ay malagkit kaya maari nating haluan ng buhangin para patigasin," sabi ni Kaang.

"Maari tayong gumawa ng lutuan mula sa pulang lupa. Maari rin tayong gumawa ng palayok," mungkahi ni Bayang.

Sinubukan nilang maghulma ng lutuan mula sa lupa sa kanilang bukid. Simula noon, nakagawa sila ng ibat-ibang disenyo ng mga lutuan.

Nang lumaon, maraming humanga sa kanilang mga gawa tulad ng lutuang bato, palayok, paso, banga, ladrilyo at iba pa.

